7

# Araling Panlipunan Activity Sheet

## Kuwarter 3 - MELC 3 (Wk 4.1)

Mga Karanasan sa Digmaang Pandaigdig at Implikasyon Nito sa Kasaysayan ng mga Bansang Asyano



REGION VI - WESTERN VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 7**
**Learning Activity Sheet (LAS) Blg. 4**
**Unang Edisyon, 2021**

Inilimbag sa Pilipinas
Ng Kagawaran ng Edukasyon,
Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas

**Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang **Araling Panlipunan 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

**Walang bahagi ng aklat na ito** ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet – Araling Panlipunan 7**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Judith Rose L. Agustin |
| **Editor:** | Ida Flor C. Ferraris, Ceferina M. Aplaon |
| **Tagasuri:** | Ronita T. Vingno |
| **Tagaguhit:** | Anthony M. Cordilla |
| **Tagalapat:** | Annamor M. Eleccion, Llaine Grace B. Coronel |
| **Schools Division Quality Assurance Team:** | |
| | Ronald B. Acson |
| | Lorna G. Cajolo |
| | Khan J. Montalvo |
| | Ramona M. Bisonaya |
| | Agnes L. Paraba |
| **Schools Division of Sipalay City Management Team:** | |
| | Renato T. Ballesteros |
| | Regie B. Sama |
| | Ronie T. Tababa |
| | Annamor M. Eleccion |
| | Agnes L. Paraba |
| | Ronita T. Vingno |
| **Regional Management Team:** | |
| | Ramir B. Uytico, Ed.D. CESO IV |
| | Pedro T. Escobarte Jr., CESO V |
| | Elena P. Gonzaga |
| | Donald T. Genine |
| | Mary Hazel Vivien P. Pineda |

## *Pambungad na Mensahe*

MABUHAY!

Ang **Araling Panlipunan 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod ng Sipalay sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng LAS na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

### Para sa mga learning facilitator:

Ang **Araling Panlipunan 7 Learning Activity Sheet (LAS**) na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing naging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner’s progress).

### Para sa mga mag-aaral:

Ang **Araling Panlipunan 7 Learning Activity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan. Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain.

# Learning Activity Sheets (LAS) Blg. 4

Pangalan: ________________________________________ Baitang at Seksiyon: _____
Petsa: ___________________________________________ Iskor: ________________

## GAWAING PAMPAGKATUTO SA ARALING PANLIPUNAN 7

### Mga Karanasan sa Digmaang Pandaigdig at Implikasyon Nito sa Kasaysayan ng mga Bansang Asyano

**I. Kasanayang Pampagkatuto at Koda**

Natatalakay ang karanasan at implikasyon ng digmaang pandaigdig sa kasaysayan ng mga bansang Asyano. **AP7KA-IIIe-1.13**

**II. Panimula (Susing Konsepto)**

Mahalaga ang naging papel ng dalawang digmaang pandaigdig sa kasaysayan ng mga Asyano. Ito ang higit na nag-udyok sa mga Asyano na magkaroon ng pagbabago sa kanilang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Tatalakayin sa araling ito ang mga kaganapan sa Asya sa panahong ito. Tunghayan din kung ano-ano ang naging epekto nito sa mga Asyano. Ano sa tingin ninyo ang dulot ng digmaan sa mga mamamayan?

**Ang Unang Digmaang Pandaigdig**

Sumiklab ang *Unang Digmaang Pandaigdig* noong *Hulyo 1914*. Kumplikado ang dahilan: ang pag-aalyansa ng mga bansa sa Europa at ang pag-uunahan nila sa teritoryo at iba pang mga interes. Ang Germany at Italy ay kaalyado ng Austria-Hungary at tinawag silang *Triple Alliance*, at ang France, Britain, at Russia naman (na tinatawag na *Triple Entente*) ay magkakampi. Noong pinaslang si Archduke Francis Ferdinand sa Serbia, nagsimula ang mobilisasyon ng mga sundalo sa Europa at sumiklab ang digmaan.

Bagama't nakasentro sa Europa ang digmaan, nagkaroon din ng labanan sa Asya dahil sa *spheres of influence.* Tulad sa India, ang nasyonalismo at pangkalayaang kilusan ay nagkaisa at tumulong sa panig ng *allies or entente powers*. Tumulong ang mga kolonya ng British Empire, lalung-lalo na ang India noong kasagsagan ng digmaan. Nagkaisa ang mga Hindu at Muslim upang makamit ang kalayaan. Pinangunahan ito ni *Mahatma Gandhi* sa pamamagitan ng *ahimsa* o *non-violence*.

Nagsagawa ng pag-atake sa Ottoman Empire ang bansang Iran. Ang digmaan ay nagdulot ng malawakang pagkasira ng mga pamayanan, ari-arian, pagkamatay ng maraming Iranian, at nagdulot ng pagkagutom.

Natalo ang *Central Powers or Triple Alliance* sa digmaan at isinagawa ang pagpupulong sa Versailles, France upang pormal nang tapusin ang digmaan at pag-usapan ang kaparusahan ng mga natalong bansa. Sa kabuuan, nanghina lahat ng bansang Europeo dahil sa tagal, hirap, at gastos ng digmaan. Sa kabilang dako ang United States at Japan ay lumakas at itinuring na mga *superpowers*.

Naitatag ang *League of Nations* upang maiwasan ang pagkakaroon ng digmaan. Isa pang epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig ay ang pagpasok ng mga Kanluranin sa Asya. Natuklasan ang mina ng langis sa Kanlurang Asya noong 1914, dahilan upang mas maging interesado ang mga Kanluraning bansa rito at magtatag ng sistemang mandato. Nanatili ang mga lokal na pamunuan ngunit hawak ng mga dayuhan ang aspektong pang-ekonomiya. Noong 1917, nagpalabas ng *Balfour Declaration* ang mga Ingles kung saan nakasaad na ang Palestine ay bubuksan sa mga Jews o Israelites upang maging kanilang tahanan (homeland). Dito nag-ugat ang problema ng mga Jews at Muslim na noo'y nagsimula nang magsibalik sa Kanlurang Asya mula sa ibat- ibang bahagi ngEurope.

Taong 1919, hiniling ng Great Britain sa punong ministro ng Iran na lumagda sa isang kasunduang magbibigay ng malawak na kapangyarihan sa pagkontrol ng ekonomiya, politika, at pangmilitar sa bansang Iran. Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig ay lumakas sa bansang India ang kilusang Nasyonalismo na naging daan upang magkaisa ang pangkat ng Hindu at Muslim. Nabigyan ng awtonomiya ang India dahil sa malawakang demonstrasyon, boykot, at hindi pagsunod sa mga kautusan ng Ingles.

## Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Nagsimula sa Europa noong *Setyembre 1939* ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Binigyan ng suporta ng India ang England ngunit ayaw ni Gandhi sa digmaan kung kaya't nag protesta siya at ang kanyang mga kasama. Inaresto sila ng mga awtoridad ngunit nagkaroon ng malawakang kaguluhan sa India bilang protesta. Taong 1943, isang kasunduan ang pinangunahan ng United States, ang *Tehran Conference*. Ang kasunduang ito ay nagsasaad na kapwa lilisanin ng Russia at Great Britain ang bansang Iran upang makapagsarili at maging malaya ito.

Mayo 1946 nang simulang alisin ng Russia ang kaniyang mga tropa sa Iran na hindi naman tuluyang naisakatuparan bagkus ay nagdulot ito ng Azerbaijan Crisis. Itinuturing ito na unang hindi pagkakaunawaan na dininig ng Security Council ng United Nations (UN). Ito ang nagbigay daan sa Cold War na kinasangkutan ng United States at ng kaniyang kaalyado, kontra sa Russia kasama rin ng kaniyang mga kaalyadong bansa.

Isa rin ang bansang India na kolonya noon ng England ang naapektuhan matapos ang digmaan dahil minsan na rin niyang binigyan ng suporta ang England sa pakikipagdigma na ginawa nito. Si Gandhi at ang kaniyang kasamahan ay nag protesta tungkol dito dahil ayaw niya ng digmaan. Sa pagtatapos ng digmaan lalong sumidhi ang ipinaglalaban ng mga taga India para sa kalayaan, ngunit ito ay naging daan upang muling hindi magkaisa ang mga Indian. Sa paglaya ng India noong 1947 nahati ito sa dalawang pangkat, ang pangkat ng Hindu at ng Muslim. And India para sa mga Hindu at Pakistan naman para sa mga Muslim.

Maituturing na ang pinakamahalagang pangyayaring naganap sa Asya ay ang pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig dahil dito inasahang makakamit ang kalayaang minimithi ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

## III. Sanggunian

Mula sa Aklat:
*Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba , Araling Panlipunan: Modyul para sa mga Mag – aaral, pahina 235 – 237*
*Asya: Pag-usbong ng Kabihasnan, Batayang Aklat sa Ikalawang Taon, pahina 322-330*

## IV. Gawain


### Gawain 1: DATA-RETRIEVAL-CHART

**Panuto**: Batay sa tekstong iyong nabasa talakayin ang mga kaganapan at implikasyon nito sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa panahon ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ilagay ang iyong sagot sa talahanayan.

| Mga Kaganapan sa Panahon ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig | Karanasan | Epekto |
|---|---|---|
| 1. Naging kolonya ng British Empire ang India. | | |
| 2. Nagsagawa ng pag-atake sa Ottoman Empire ang bansang Iran. | | |
| 3. Natuklasan ang Mina ng langis sa Kanlurang Asya. | | |
| 4. Nagpalabas ng Balfour Declaration ang mga Ingles noong 1917. | | |
| 5. Pinangunahan ng United States ang Tehran Conference taong 1942. | | |

**Gawain 2: Graphic Organizer**

**Panuto**: Batay sa nabasang teksto, talakayin at punan ang **Graphic Organizer** ng mga implikasyon ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa kasaysayan ng mga bansang Asyano ayon sa iyong pananaw.




**Gawain 3: Sagutin Mo!**

**Panuto**: Batay sa iyong pagtatalakay sa nabasang teksto. Sagutin ang mga sumusunod na katanungan at isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa mga karanasan ang higit na nakakaapekto sa mga tao at bansang Asyano sa panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig at Ikalawang Digmang Pandaigdig?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Bilang isang mag-aaral na Asyano, alin sa mga karanasan sa panahon ng dalawang digmaan ang higit na makakaapekto sa iyo kung ito ay mangyayari sa kasalukuyan?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

**Gawain 4: Sanaysay-Time**

**Panuto**: Gumawa ng isang sanaysay batay sa sinabi ni Mencius ng Tsina na**, "Kahit kailan walang mabubuting maidulot ang digmaan".**

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

## RUBRIK SA PAGGAWA NG SANAYSAY

| PAMANTAYAN | 4 | 3 | 2 | 1 | PUNTOS 12 |
|---|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Kompleto at wasto ang lahat ng detalye na nakasaad sa talata. | Wasto ang mga detalye na nakasaad sa talata. | May ilang detalye na hindi na dapat isama sa talata. | Maraming kakulangan sa nilalaman ng talata. | |
| **Presentasyon** | Organisado at sinuring Mabuti ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya o kaisipan. | Maayos ang pagkakalahad ng mga detalye | Hindi gaanong maayos ang nailahad sa talata. Hindi gaanong maunawaan ang nilalaman. | Walang gaanong maunawaan sa nilalaman. | |
| **Wastong Baybay at Bantas** | Tama ang pagkabaybay at paggamit ng bantas. | Tama ang bantay ngunit may ilan na hindi nagamit ng wasto ang mga bantas | Tama ang mga bantas ngunit may ilang kamalian sa baybay | Hindi wasto ang baybay at gamit ng mga bantas. | |
| **KABUUAN** | | | | | |

## V. Repleksiyon

**Panuto**: Ipahayag ang sariling pananaw tungkol sa paksang binasa. Isulat ito sa sagutang papel.

Mula sa mga karanasan at implikasyon ng dalawang digmaan, paano nito binago ang pamumuhay ng mga tao at mga bansang Asyano?

## VI. Susi sa Pagwawasto

**Gawain 1- Data Retrieval Chart**

**Gawain 2- Graphic Organizer**

May pagkakaiba ang sagot ng mga mag – aaral depende sa kanilang pananaw

**Gawain 3- Sagutin Mo!**

May pagkakaiba ang sagot ng mga mag – aaral depende sa kanilang pananaw

**Gawain 4- Sanaysay-Time**

May pagkakaiba ang sagot ng mga mag – aaral depende sa kanilang pananaw